# DALAWANG DEKADANG PANULAT: PAGSUSURI NG SAMPUNG KUWENTONG PAMBATA NI DR. LUIS P. GATMAITAN (2000-2019)

Isang Masteradong Tesis na Iniharap sa

Kolehiyo ng Malalayang Sining at Komunikasyon

Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Bilang Bahagi ng Pangangailangan para sa
Digring Master ng Sining sa Filipino

**ANNA LYN AALA-LARA**

Mayo 2020

## ABSTRAK

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS

napiling kuwento. Higit itong mapalulutang gamit ang konsepto ng Pilipinolohiya ni Prospero Covar at Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio Enriquez.

**KABANATA 2**

**METODOLOHIYA**

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isang kalitatibong pananaliksik. Ito ay gumamit ng deskriptibo o palarawang disenyo. Ayon kina Best at Kahn (2006), ang disenyong ito ay gumagamit ng masistemang paraan upang mailarawan at masukat ang relasyon ng mga napapanahong sitwasyon kaugnay ng pag-aaral o mga baryabol na nakapaloob sa pag-aaral. Binigyang-diin naman nina Fraenkel, et al. (2013), ang ilan sa mahahalagang katangian ng kalitatibong pananaliksik tulad ng pagtuon sa koleksiyon ng mga datos na pasalita at hindi numerikal, pagpapahalaga sa proseso maging sa produktong kalalabasan nito at pagbibigay-diin sa importansiya ng pag-aaral. Kalitatibo-deskriptibo ang pag-aaral na ito sapagkat binibigyang-diin nito ang pagtuklas sa lalim ng mga maiikling kuwentong pambata.

Kaugnay pa nito, sa pagsusuri, ginamit ng pag-aaral na ito ang *content analysis approach* na nakapokus naman sa kaligirang nakapaloob sa kuwento maging sa mga salik ng pagkakasulat ng awtor (Glazer, 1997). Ayon naman kina Best at Kahn (2006), layunin din ng hakbang na ito na maipaliwanag at mailarawan ang nilalaman ng dokumento o teksto upang makatulong at makapagdagdag ng karunungan kaugnay ang iba't ibang pangyayari. Dagdag pa rito, mahalaga ang hakbang na ito dahil sa ilang mga dahilan: una, nakapaglalarawan ito ng nanaig na gawain o kondisyon; pangalawa, nakatutuklas ito ng mga kahalagahan ng paksa o problema; pangatlo, nalalaman nito ang lalim pa ng presentasyon sa teksbuk o ibang publikasyon; ikaapat,, nalalaman ang konsepto at paniniwala ng manunulat kaugnay ng teksto; at

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS

ikalima, naipaliliwanag ang posibleng dahilan ng naturang aksiyon o kinalabasan ng pangyayari.

Gumamit din ng *critical discourse analysis* ang pag-aaral na ito. Ayon kay Tonkiss (2012), sa paraang ito nabibigyang-diin ang kahalagahan ng pagkagamit ng mga salita sa usapan upang higit itong mabigyang-kahulugan nang sa ganoon ay higit na maunawaan ang nakatagong kahulugan nito. Kaugnay pa nito, higit na nabigyang-linaw ni Fairclough (1995) na ang paraang ito ay naglalaman ng masistemang pagsisiyasat ng ugnayan ng kasanayan, pangyayari, at mga teksto. Gayundin saklaw nito ang malawak na estrukturang sosyal at kultural, relasyon, at proseso tungo sa pagtuklas ng dahilan ng pagkakasagawa o pagkakasabi maging ang mga ideolohiyang humulma sa koneksiyon ng kalakasan at kahinaan nito. Dagdag pa rito, batay pa rin kay Fairclough (2003), ang teksto, wika at, komunikasyon ay marapat na isaalang-alang sapagkat ang panlipunang konteksto nito ay pare-parehong nagbibigay-daan sa paghuhulma at pagbibigay-kaalaman ukol sa higit na malawak na proseso at saloobin ng lipunan. Samakatuwid sa usaping diksurso, ang teksto ay hindi pulos ukol sa nakalimbag na usapan lamang sa halip ay tinitingnan ang taglay na kahulugan na may sariling pananaw at katauhan. Ang diskurso ay sumasalamin at naglalaman ng aktibong relasyon sa realidad. Sa puntong ito, ang paraang ito ay higit na mailalarawan sa pamamagitan ng *genre (way of acting), discourse (way of representing) at style (way of being)*. Sa madaling sabi, pinupunto pa rin ni Fairclough na ang diskurso ay sumasalamin sa koneksiyon ng katauhan, paraan ng paggawa, at kung paano naunawaan o naipaunawa ang

isang tiyak na ideya na higit na nabibigyang-linaw sa pamamagitan ng mga elemento ng produksiyon, porma at pagtanggap.

Batay sa mga paraang ginamit, higit na mabibigyang-pokus ng pag-aaral na ito ang pagsusuri ng sampung kwentong pambata ni Dr. Luis P. Gatmaitan.

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na hakbang upang maisagawa nang maayos ang pag-aaral:

1. Pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagpunta sa silid-aklatan tulad sa De La Salle University-Taft, De La Salle University-Dasmariñas, at Pamantasang Normal ng Pilipinas.
2. Pagtatala ng mga maiikling kuwentong pambata ni Dr. Luis Gatmaitan mula taong 2000 hanggang 2019. Tunghayan ang talahanayan sa susunod na pahina para sa listahan ng mga kuwento.

**Talahayan 1: Talaan ng mga Maiikling Kuwentong Pambata ni Dr. Luis P. Gatmaitan mula Taong 2000-2019**

| TAON NG PAGKAKALIMBAG | PAMAGAT | ILUSTRADOR |
|---|---|---|